01

# PAGSISIMULA NG IYONG BUHAY

## KAY KRISTO



Ang libretong ito ay isa sa mga serye na sadyang binuo upang tulungan ang isang mananampalatayang lumago sa kanyang relasyon kay Hesu-Kristo.

MGA PAMAGAT NG NASA SERYENG ITO:

- Pagsisimula ng Iyong Bagong Buhay Kay Kristo
- Pagsisimula ng Iyong Bagong Buhay Na May Pakikisama Kay Kristo
- Pagsisimula ng Iyong Bagong Buhay Sa Banal Na Espiritu
- Pagsisimula ng Iyong Bagong Buhay Sa Paglago Kay Kristo
- Pagsisimula ng Iyong Bagong Buhay Sa Salita ng Diyos
- Pagsisimula ng Iyong Bagong Buhay Sa Pananalangin



Ang buhay-Kristiyano na ninanais ng Diyos na ating ipamuhay, ay hindi lamang isang pamantayan ng mga gawa, o kaya'y batas sa pag-uugali ng isang tao o isang buhay na puno ng rituwal, subalit ito ay isang mahalagang personal na relasyon sa buhay ng Manlilikhang Diyos na nagpahayag ng Kanyang sarili sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Panginoong Hesu-Kristo.

Ang bawa't Kristiyano ay maaaring magkaroon ng kasiguruhan sa kanyang pakikipag-ugnay sa Diyos. Kung wala siyang kasiguruhan imposibleng maranasan niya ang tunay na kaligayahan at lubos na kaganapan sa buhay.

Sa sandaling tanggapin mo si Hesu-Kristo sa iyong buhay bilang Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, Siya ay papasok sa iyo.

Ito ang Kanyang pangako sa **Pahayag 3:20**.

**“Narito ako nakatayo sa pintuan at tumutuktok; kung sinuman ang duminig sa Aking tinig at magbukas ng pinto, Ako’y papasok sa Kanya…”**

Tinanggap mo na ba si Kristo sa iyong buhay sa ganitong paraan?

Kung gayon nasaan na si Hesu-Kristo ngayon?

Sang-ayon sa **Pahayag 3:20**, paano mo malalaman na si Kristo ay nasa iyong buhay?

**Ang salitang “Kristiyano” ay nangangahulugang si Kristo ay nasa iyo.**

Ikaw ngayon ay naging isang tunay na “Kristiyano.” Hindi ka naging Kristi-yano sa pamamagitan ng mabuting pamumuhay o dahil sa ang mga magulang mo ay Kristiyano.

Si Kristong buhay ay nananahan sa iyo. Sinasabi sa Bibliya na maraming bagay ang nangyari nang si Kristo ay pumasok upang mamuhay sa iyo.

# ISANG BAGONG KAUGNAYAN

**1.** Ano ang pinatutunayan ng pagkabuhay na muli tungkol kay Hesu-Kristo? **(Roma 1:4)**


**2.** Sino si Hesu- Kristo? **(1 Juan 5:20)**

**3.** Ano ang saysay o katuturan ng ating pananampalataya kung si Hesu-Kristo aynhindi nabuhay na muli sa mga patay? **(1 Corinto 15:13-17)**

**4. a.** Ano ang nangyari sa iyo nang tanggapin mo si Kristo? **(John 1:12)**

**b.** Yamang ang ibang mga Kristiyano ay naging mga anak din ng Diyos, ano ang kaugnayan mo sa kanila?

Ang kaligtasan ay walang bayad na kaloob ng Diyos sa mga taong sumasampalayataya kay Hesu-Kristo bilang Tagpagligtas at bunga nito sila ay nakatamo ng kapatawaran ng kasalanan.



**5. a**. Ang kaligtasan ba'y gantimpala sa gawang mabuti ng tao? **(Efeso 2:8-9)**

**b.** Kung gayon, paano nakakamtan o natatamo ang kaligtasan?

**6. a**. Tumanggap ka na ba ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan? **(Colosas 1:13,14)**

**b.** Ilang kasalanan mo ang pinatawad **(Colosas 2:13)**

**7. a**. Ikaw ba'y pababayaan o iiwan ni Kristo? **(Hebreo 13:5)**

**b.** Sapagka't ipinangako ni Hesu-Kristo na hindi ka Niya iiwan, ilang ulit mo Siya kailangang anyayahang pumasok sa iyong buhay?

# ISANG BAGONG BUHAY

1. Basahin ang **1 Juan 5:11-13**

2. Saan matatagpuan ang buhay na walang hanggan? **(1 Juan 5:11)**

3. Anong uri ng buhay mayroon ang taong pinanahanan ni Kristo? **(1 Juan 5:13)**

**4. a.** Maaari bang malaman ng isang tao na siya'y may buhay na walang hanggan? **(1 Juan 5:11)**

**b.** Alam mo ba na mayroon kang buhay na walang hanggan?

**c.** Paano mo nalaman?

# ISANG BAGONG LAKBAYIN

1. Anong nangyari sa iyo ngayong nasa iyo si Kristo? **(2 Corinto 5:17)**

2. Ano ang makapaghihiwalay sa iyo kay Kristo? **(Roma 8:38-39)**

3. Sino ang makakaagaw sa iyo kay Kristo? **(Juan 10:27-29)**

# PAGTATAPOS


1. Sang-ayon sa araling ito, ano ang ilang mga makatotohanang bagay na alam mo na nangyari o nasa sa iyong buhay ngayon?

**2.** Gusto mo bang pasalamatan ang Diyos ngayon din dahil sa mga ginawa Niya sa iyo? Ang pasasalamat sa Diyos ay pagpapatunay ng pananam-palataya.

## MUNGKAHING BABASAHIN:

1. Juan 3

2. Kaalamang Maisasalin Blg. 1- "Paano Makatitiyak na ikaw ay Isang Kristiyano" (Transferable Concept No.1- "How to be Sure that You are a Christian?")



# MGA KASAGUTAN:

## BAGONG KAUGNAYAN

1. Ang muling pagkabuhay ay nagpapatotoo na si Hesu-Kristo ay Anak ng Diyos.
2. Si Hesu-Kristo ay tunay na Diyos at Buhay na Walang Hanggan.
3. Kung si Hesu-Kristo ay di nagbangon sa mga patay, ang ating pamamahayag ay walang kabuluhan, ang ating pagtitiwala ay walang halaga, walang katuturan at ang lahat ng alagad ay mandaraya o sinungaling.
4. A. Ako'y naging anak ng Diyos.
   B. Sila ay mga kapatid ko na rin.
5. A. Ang kaligtasan ay di- gantimpala sa mabubuting gawa ng tao.
   B. Ang kaligtasan ay natatamo sa pananam-palataya kay Hesu-Kristo.
6. Oo, tinanggap ko ang kapatawaran ng aking kasalanan.
7. A. Hindi
   B. Minsan lang.

## BAGONG BUHAY

2. Ang buhay na walang hanggan ay nata-tagpuan kay Hesu-Kristo.
3. Buhay na walang hanggan.
4. A. Oo, maaaring malaman ng isang tao na siya'y may buhay na walang hanggan
   B. Oo, alam ko na mayroon akong buhay na walang hanggan.
   C. Sapagka't ito'y ipinangako ni Hesus sa Kanyang Salita sa lahat ng magsisi-tanggap sa Kanya.

## BAGONG LAKBAYIN

1. Ako'y naging isang bagong nilalang.
2. Walang makapaghihiwalay sa akin kay Kristo.
3. Walang sinumang makaaagaw sa akin kay Kristo.

cru

A caring community passionate about connecting people to Jesus Christ